REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-144

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG MALUGOD NA PAGTANGGAP NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PAMAMAGITAN NG PUNONGBAYAN NG MUNTINLUPA NG DONASYON MULA SA PAMAHALAANG BAYAN NG GUNMA, BANSANG HAPON NG ISANG YUNIT (ONE UNIT) NA SASAKYANG PAMATAY SUNOG (FIRE TRUCK).

**********************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

**********************************************************

SAPAGKAT, ang pagtanggap ng donasyon ng pamahalaang bayan ay naaayon at alinsunod sa itinakda ng Book 1 Chapter I, Section 23 ng RA 7160, ng Local Government Code of 1991;

SAPAGKAT, ang donasyong sasakyan ay malaking tulong sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa para sa pagbibigay ng higit na mabilis at mabuting serbisyo sa mga mamamayan nito;

SAPAGKAT, ang gawing mapagbigay ng bansang Hapon ay lubos na pinasasalamatan at malugod na tinatanggap na may pagtanaw ng malaking utang na loob ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang mga nangangailangang bansa tulad ng Pilipinas ay lubos na kailangan ang tulong ng mga maunlad at progresibong bansa tulad ng Hapon;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na malugod na tanggapin ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng Punongbayan nito na tanggapin ang donasyon na isang yunit ng sasakyang pamatay sunog (fire truck) na handog ng bansang Hapon.

PINAGPASIYAHAN pang muli na hilingin sa nagkakaloob na bansa na kung maaari ay akuin na rin ang bagay ukol sa paglilipat nito tulad ng freightage fee at iba pang gastusin.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng mga Kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang tanging pulong na ginanap ngayong ika-27 ng Mayo, 1994.

PINAGTIBAY:

KGG. ARTURO S. BUNYI
Pansamantalang Punongbayan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

SINANG-AYUNAN:

KGG. DANTE S. ALMARIO
Pan. Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER JOHN P. SMITH
KGG. BALDOMERO D. NIEFES
KGG. SIMEON BUMANGLAG
KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. FE ISABEL D. SERVIDA
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
KGG. VICENTE Y. CHUA

KGG. RESTITUTO N. SANTOS
KGG. ROMY J. TAN
KGG. PRAXEDES P. BIGATA
KGG. REY E. BULAY
KGG. FRANCISCO UMALI
KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
KGG.MIGUEL LUIS F.RIOS,JR.